


PAGKILALA SA GAWA NG DIYOS SA BUHAY NG IBA

Palaging gumagawa ang Diyos sa buhay ng kanyang mga anak (Phil. 1:6; 2:13). Ang susi ay alamin ang kanyang gawa upang malaman mo kung paano manalangin nang naaayon sa kanyang mga layunin. Halimbawa, tingnan ang 2 Cor. 9:8-15. Sabi ni Pablo sa v. 15, “Salamat sa Diyos sa kanyang di-mailarawang kaloob!” Ano’ng “kaloob”?



Sa konteksto nito, ang Diyos ang kumikilos sa puso ng kanyang mga anak upang magbigay nang higit pa sa kanilang makakaya upang ang pasasalamat at ang karangalang para sa Diyos ay mag-umapaw. Ito ay resulta ng pagkilos ng biyaya ng Diyos sa kanilang pagsunod (vv. 8, 14). Makikilala mo bang ito ay gawa ng Diyos, o ipapalagay mo lang na naging sobrang “excited” ang mga tao sa pagbibigay? Kung ikaw ay nananalangin na gamitin ng Diyos ang ating iglesia, makikilala mo ba ang kanyang sagot dito? Kadalasan, parang tahimik lang ang sagot ng Diyos at ito ay may kaugnayan sa ginagawa niya sa puso ng mga tao.

Ilan sa mga Gawa ng Diyos sa Kanyang mga Anak

1. Pananabik sa Diyos at sa mga espirituwal na bagay. Kung gusto ng mga tao ang mas malalim na buhay panalangin, mas madalas na pag-aralan ang Bibliya, na maging mas kawangis ni Jesus, atbp., ang pagnanasang iyan ay bigay ng Diyos. Nakikita mo ba itong nangyayari sa mga kasama mo sa church o small group?
2. Pagnanais na maglingkod at magsakripisyo. Gawa lamang ng Diyos kung naglilingkod ang isang kapatid o mas inuuna ang iba kaysa sa sarili. Kung ikaw at ang iba pa ay nagkakaroon ng mas malalim na pasanin para sa iba habang kayo’y nagpapatuloy sa panalangin, kailangan mong pagtuunan iyan ng pansin. Kung nagkakaroon ka ng mas masidhing pagnanais sa isang partikular na ministeryo, o kaya’y naghahangad na makatulong sa isang miyembro sa church, dapat mong itanong sa Diyos kung ano ang sinasabi niya sa iyo.
3. Kalakasan sa panahon ng pagsubok. Kung may isang taong nahaharap sa cancer, o nawalan ng trabaho, o namatayan ng mahal sa buhay, o anumang pagsubok na hinarap nang may kakaibang lakas o pagtitiwala sa Diyos, ang Diyos ang kumikilos sa taong iyon. Kadalasan tumutulong ang Diyos sa isang tao at ginagamit ang taong iyon at ang sitwasyong kinalalagyan niya upang magbigay karangalan sa kanyang pangalan.

Focusing on God: May maisip ka bang mga bahagi ng iyong buhay o sa buhay ng ibang tao kung saan nakita mo na may ginagawa ang Diyos na katulad ng mga ito? Kapag nagsimula ang Diyos na gumawa, alam mong may nais siyang patunguhan. Maglaan ng oras na pag-usapan at ilita ang mga ginagawa ng Diyos sa buhay ng ibang tao sa ngayon sa ating church o mga small groups.



Responding to God: Paano ka tutugon sa Diyos sa mga bagay na napag-usapan ninyo? Paano kumikilos ang Diyos? Nanawagan ba siya sa inyo para magministeryo sa mga kabataan? Mga bata? Mga kababaihan? Mga kalalakihan? Mayroon bang kapatid na dumadaan sa pagsubok na kailangang damayan at palakasin? May mga tao bang lumalapit at gustong mag-Bible study? May nagtatanong ba tungkol kay Jesus? Maaaring isa sa dalawang ito ang tugon ninyo:



1. *Heart response* – Ang pag-uusap bang ito ay nagresulta sa pasasalamat sa Diyos, pagsisisi sa kasalanan, pag-ibig sa Diyos, at pagkauhaw na mas makilala pa siya nang malalim.
2. *Action response* – Ikaw ba ang magiging sagot ng Diyos sa mga taong ipinapanalangin mo? Dinadala ka ba ng Diyos upang tugunan ang isang pangangailangan o tungo sa isang bagong direksiyon?

Kingdom Prayer List

1. Ipanalangin ang isa’t isa, upang maging matatag ang paglakad nating kasama ang Diyos.
2. Ipanalangin na ang Diyos ang gumawa ng paraan upang ang ating mga kapatid na dumaranas ng mabibigat na pagsubok ay maging matatag sa pagharap sa mga ito.
3. Ipanalangin ang puso ng mga miyembro na maging mainit sa pagbabahagi ng ebanghelyo, ayon sa anumang kakayahang ipinagkaloob sa kanila ng Diyos.



¹ Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf).